Madaling Gamitin na Gabay sa AB 60 sa Mga Opsyon ng Dokumento upang Makakuha ng Lisensiya sa Pagmamaneho sa California

Ang mga customer na nag-a-apply para sa isang lisensiya ng pagmamaneho ay dapat magbigay ng **Pruweba ng Pagkakakilanlan** at **Paninirahan sa California** kung wala silang katanggap-tanggap na pruweba ng legal na paninirahan. Gamitin ang sumusunod na patakaran upang tulungan kang matukoy ang mga dokumento na kinakailangan kapag nag-a-apply para sa isang lisensiya sa pagmamaneho.

PRUWEBA NG PAGKAKAKILANLAN:

TALAHANAYAN A
ISA (1) SA MGA SUMUSUNOD NA DOKUMENTO

Lisensiya sa Pagmamaneho sa California (California Driver License) o Card ng Pagkakakilanlan sa California (California Identification Card):

- Lisensiya sa Pagmamaneho sa California (ibinigay noong 10/2000 o mas bago)
- Card ng Pagkakakilanlan sa California (ibinigay noong 10/2000 o mas bago)

Dokumento sa ibang bansa na wasto, inaprubahan ng Kagawaran ng Mga Sasakyan (Department of Motor Vehicles (DMV)) at electronic na napatunayan ng DMV sa bansang pinagmulan:

- Federal Electoral Card sa Mexico (Instituto Federal Electoral (IFE) Credencial para Votar – 2013 na salin)
- Institute National Electoral Card sa Mexico (Instituto Nacional Electoral (INE) Credencial para Votar – 2014 na salin)
- Pasaporte sa Mexico (ibinigay noong 2008 o mas bago at may kasamang digital na larawan at digital na pirma)
- Consular Card sa Mexico (Matricula Consular – 2006 o 2014 na salin)

Pasaporte sa Ibang Bansa na wasto at inaprubahan ng DMV (tingnan ang pahina 4 at 5 para sa listahan ng mga pasaporte na inaprubahan ng DMV). Dapat ding magbigay ang customer ng kanyang social security number (SSN) na electronic na napapatunayan sa Social Security Administration.

-----O------

TALAHANAYAN B
DALAWA (2) SA MGA SUMUSUNOD NA DOKUMENTO

Dokumento sa Ibang Bansa na wasto at inaprubahan ng DMV:

- Card ng Pagkakakilanlan sa Argentina (Documento Nacional de Identidad (DNI) – 2009 o 2012 na salin)
- Consular Card sa Brazil (Carteira de Matricula Consular – 2010 na salin)
- Card ng Pagkakakilanlan sa Chile (Cedula de Identidad – 2013 na salin)
- Consular Card sa Colombia (Consular Registration – 2015 na salin)
- National Card ng Pagkakakilanlan sa Ecuador (Cedula de Ciudadania – 2006 at 2009 na salin)
- Consular Card sa Ecuador (Tarjeta De Identification Consular – 2015 na salin)
- Card ng Pagkakakilanlan sa El Salvador (Documento Unico de Identidad (DUI) – 2010 na salin)
- National Card ng Pagkakakilanlan sa Guatemala (Documento Personal de Identificacion (DPI) – 2012 na salin)
- Consular Card sa Guatemala (Tarjeta de Identificacion Consular – 2002 at 2015 na salin)
- Consular Card sa Honduras (Gobierno de la Republica de Honduras Matricula Consular – Consular ID – August 2017 na salin)
- Card ng Pagkakakilanlan sa Korea (Setyembre 2016 na salin)
- National Card ng Pagkakakilanlan sa Nicaragua (Cedula de Identidad – 2010 na salin)
- Card ng Pagkakakilanlan sa Paraguay (Republica del Paraguay Cedula de Identidad Civil – Setyembre 2009 na salin)
- Card ng Pagkakakilanlan sa Peru (Documento Nacional de Identidad (DNI) – 2005 na salin)
- Mga Pasaporte sa Ibang Bansa (tingnan ang pahina 4 at 5 para sa listahan ng mga pasaporte na inaprubahan ng DMV) – Isa itong opsyon para sa mga customer na walang napapatunayang SSN gaya ng ibinigay sa Talahanayan A.

Madaling Gamitin na Gabay sa AB 60 sa Mga Opsyon ng Dokumento upang Makakuha ng Lisensiya sa Pagmamaneho sa California

Ang mga customer na nag-a-apply para sa isang lisensiya ng pagmamaneho ay dapat magbigay ng **Pruweba ng Pagkakakilanlan** at **Paninirahan sa California** kung wala silang katanggap-tanggap na pruweba ng legal na paninirahan. Gamitin ang sumusunod na patakaran upang tulungan kang matukoy ang mga dokumento na kinakailangan kapag nag-a-apply para sa isang lisensiya sa pagmamaneho.

-----O------

TALAHANAYAN C
PANGALAWANG PAGSUSURI
PINAKAMARAMI HANGGA'T MAARI NG MGA SUMUSUNOD NA DOKUMENTO

Dapat magsumite ang aplikante ng mga sumusunod na dokumento na susuriin ng DMV upang patunayan ang pagkakakilanlan ng aplikante.

- Mga dokumento sa paaralan, kasama ang anumang dokumento na ibinigay ng pampubliko o pampribadong elementarya, high school, o pagkatapos ng high school na institusyon, kolehiyo, o unibersidad na may kasamang petsa ng kapanganakan ng aplikante, o kung isang dokumento mula sa paaralan sa ibang bansa, ay naselyuhan ng paaralan at may kasamang larawan ng aplikante noong ibinigay ang kasulatan.
- Mga dokumento na ibinigay o hinain sa isang pamahalaan sa loob ng United States (U.S.) o ng pamahalaan ng U.S., kasama ang:
  1. Kagawaran ng Homeland na Seguridad ng U.S. (U.S. Department of Homeland Security (DHS)) Form I-589, (Application sa Pagkupkop at para sa Pagpigil sa Pag-alis/Application for Asylum and for Withholding of Removal).
  2. Form I-20 ng DHS sa U.S. (Sertipiko ng Pagiging Kwalipikado para sa Hindi Dayuhan/Certificate of Eligibility for Nonimmigrant (F-1) Status na Mag-aaral – Para sa Mga Mag-aaral sa Akademya o Mag-aaral ng Wika o Sertipiko ng Pagiging Kwalipikado para sa Hindi Dayuhan/Certificate of Eligibility for Nonimmigrant (M-1) Status na Mag-aaral – Para sa Mga Vocational na Mag-aaral).
  3. Form DS-2019 ng DHS sa U.S. (Sertipiko ng Pagiging Kwalipikado para sa Pagpalitan ng Bisita/Certificate of Eligibility for Exchange Visitor (J-1) Status).
  4. Mga dokumento ng hukuman kung saan pinangalanan ang aplikante bilang isang panig sa kaso.
  5. Mga pagbabalik ng buwis sa kita.
  6. Lisenya sa pagmamaneho.
- Mga dokumento na tumutukoy sa sibil na katayuan sa pag-aasawa o sibil na pagkakaisa, kasama ang mga lisensya ng kasal o mga pagpaparehistro ng pagsasama. Kung ang wika sa lisensya ng kasal ay hindi nakasulat sa Ingles, dapat ay may kalakip na pinatunayang translation ang lisensya ng kasal o isang sinumpaang salaysay ng translation patungo sa Ingles.
- Mga utos ng hukuman tungkol sa diborsiyo. Kung ang wika sa utos ng hukuman ay hindi nakasulat sa Ingles, dapat ay may kalakip na pinatunayang translation ang utos ng hukuman o isang sinumpaang salaysay ng translation patungo sa Ingles.
- Pasaporte sa ibang bansa, consular card ng pagkakakilanlan, foreign national card ng pagkakakilanlan, o isang lisensiya sa pagmamaneho sa ibang bansa. Kung ang wika sa lisensiya sa pagmamaneho ay hindi nakasulat sa Ingles, dapat ay may kalakip itong pinatunayang isinalin o isang sinumpaang salaysay ng isinalin patungo sa wikang Ingles.
- Ang mga card ng pagkakakilanlan na naglalaman ng larawan ng aplikante na ibinigay ng isang pamahalaan sa loob ng U.S. o ng pamahalaan ng U.S.
- Mga dokumento sa kapanganakan kasama ang isang sertipiko ng kapanganakan o tala ng pag-ampon.
- Alinman sa mga dokumento sa itaas na mayroong pangalan ng asawa, kinakasama, anak, magulang o legal na tagapagbantay ng aplikante kung magbibigay din ang aplikante ng sertipiko ng kapanganakan, tala ng pag-ampon, lisensya ng kasal, o pagpaparehistro ng pagsasama upang malaman ang pakikipag-ugnayan.

Madaling Gamitin na Gabay sa AB 60 sa Mga Opsyon ng Dokumento upang Makakuha ng Lisensiya sa Pagmamaneho sa California

Ang mga customer na nag-a-apply para sa isang lisensiya ng pagmamaneho ay dapat magbigay ng **Pruweba ng Pagkakakilanlan** at **Paninirahan sa California** kung wala silang katanggap-tanggap na pruweba ng legal na paninirahan. Gamitin ang sumusunod na patakaran upang tulungan kang matukoy ang mga dokumento na kinakailangan kapag nag-a-apply para sa isang lisensiya sa pagmamaneho.

----AT----

PRUWEBA NG PANINIRAHAN SA CALIFORNIA

TALAHANAYAN D
ISA (1) SA MGA SUMUSUNOD NA DOKUMENTO
Ang lahat ng dokumento ng paninirahan ay dapat may pangalan at apelyido ng aplikante, at ang tinitirhang address sa California ay dapat tumutugma sa mailing address na nakalista sa application ng lisensiya sa pagmamaneho maliban sa huling tatlong (3) mga bagay sa ibaba.

- Mga kasunduan sa pagrenta o pag-upa na may mga pirma ng may-ari/kasero at ng nangungupahan/residente.
- Mga kasulatan o titulo ng tahanan.
- Mga bayarin sa mortgage.
- Mga bayarin sa bahay (kasama ang mga bayarin sa cellular phone).
- Mga dokumento sa paaralan.
- Mga medikal na dokumento.
- Mga dokumento sa trabaho.
- Mga dokumento batay sa tiwala.
- Mga dokumento ng pagpapa-seguro, kasama ang medikal, para sa ngipin, paningin, para sa buhay, para sa bahay, para sa renta at para sa sasakyan.
- Internal Revenue Service o mga pagbabalik buwis ng California Franchise Tax Board.
- Mga Sertipiko ng Sasakyan o Titulo o Pagpaparehistro ng Sasakyang Pandagat sa California.
- Mga lisensiya sa pagmamaneho o mga card ng pagkakakilanlan sa California.
- Mga Pagkumpirma sa Pagbabago ng Tirahan ng Postal Service ng U.S. (Form CNL 107).
- Mga dokumento na ibinigay ng isang pamahalaan sa loob ng U.S. o ng pamahalaan ng U.S.
- Isang bayarin o pahayag ng buwis sa pag-aari.
- Mga record ng pampinansyal na institusyon.
- Isang katanggap-tanggap na No Fee Identification Card Eligibility Verification form DL 933.

Ang mga sumusunod na dokumento ay hindi kailangang may direksyon ng tirahan sa California ng customer:

- Mga dokumento ng hukuman na nagpapatunay na isang residente ng California ang aplikante.
- Isang liham, letterhead ng tinutuluyan para sa mga walang tirahan, tinutuluyan para sa mga inabusong babae, entity na hindi kumikita, organisasyon na batay sa tiwala, tagapag-empleyo, o pamahalaan sa loob ng U.S. na nagpapatunay na nakatira sa California ang aplikante.
- Maaaring gumamit ang isang magulang, legal na tagapangalaga, o bata ng isang katibayan ng kapanganakan, at maaaring gumamit ang isang asawa o kinakasama ng isang lisensya sa pagpapakasal o katibayan ng pagpaparehistro ng pagsasama upang alamin ang kaugnayan niya sa indibidwal na binanggit sa mga katanggap-tanggap na dokumento ng paninirahan.

Mga Inaprubahang Pasaporte sa Ibang Bansa

TANDAAN: Ang mga inaprubahang pasaporte na nakalista sa ibaba ay dapat kasama ng mga dokumento na nakalista sa pahina 1.

Kung hindi nakalista ang pasaporte ng isang bansa sa ibaba, maaari ka pa ring mag-apply para sa isang Lisensiya sa Pagmamaneho sa CA sa ilalim ng Proseso ng Referral sa Pangalawang Pagsusuri ng Imbestigasyon. Pakitingnan ang pahina 2 para sa impormasyon sa istahan ng mga tinatanggap na dokumento. Para sa karagdagang impormasyon sa prosesong ito, sumangguni sa Brochure #3 ng Mga Impormasyon sa Proseso ng Referral sa Pangalawang Pagsusuri ng Lisensiya sa Pagmamaneho (Driver License Secondary Review Referral Process Fast Facts #3 Brochure (FFDL3)). http://www.dmv.ca.gov/portal/dmv/detail/pubs/brochures/fast_facts/ffdl03

Pangalan ng Bansa	Ibinigay sa / Noong o Pagkatapos ng
Afghanistan	2011
Albania	2009
Argentina	2009
Armenia	2011
Australia	2005
Austria	2006
Azerbaijan	2013
Bahamas	2010
Bahrain	2011
Bangladesh	2010
Belarus	2006
Belgium	2006
Belize	2005
Bolivia	2010
Bosnia and Herzegovina	2009
Botswana	2010
Brazil	2006
Brunei	2008
Bulgaria	2010
Burkina Faso	2008
Cabo Verde	2005
Cambodia	2005
Canada	2010
Cayman Islands	2008
Chile	2013
China	2007
Colombia	10/2009
Comoros	2008
Congo	2008
Congo, Democratic Republic of the	2009
Costa Rica	2006
Cote D'Ivoire	2008
Croatia	2009
Cyprus	2010
Czech Republic	2005
Denmark	2012
Dominican Republic	2006

Pangalan ng Bansa	Ibinigay sa / Noong o Pagkatapos ng
Ecuador	05/07/13
Egypt	2008
El Salvador	2009
Equatorial Guinea	2011
Eritrea	2010
Estonia	2005
Fiji Islands	2012
Finland	2006
France	2006
Gabon	2009
Georgia	2005
Germany	2007
Ghana	2010
Greece	2006
Guatemala	2011
Guinea-Bissau	2008
Honduras	2005
Hong Kong	2006
Hungary	2006
Iceland	2006
India	2008
Indonesia	2006
Interpol	2009
Iran	2011
Iraq	2009
Ireland	2006
Israel	2011
Italy	2006
Jamaica	2009
Japan	2006
Kazakhstan	2009
Kenya	2008
Kosovo	2008
Latvia	2007
Libya	2009
Lithuania	2006
Luxembourg	2006

Mga Inaprubahang Pasaporte sa Ibang Bansa

TANDAAN: Ang mga inaprubahang pasaporte na nakalista sa ibaba ay dapat kasama ng mga dokumento na nakalista sa pahina 1.

Kung hindi nakalista ang pasaporte ng isang bansa sa ibaba, maaari ka pa ring mag-apply para sa isang Lisensiya sa Pagmamaneho sa CA sa ilalim ng Proseso ng Referral sa Pangalawang Pagsusuri ng Imbestigasyon. Pakitingnan ang pahina 2 para sa impormasyon sa istahan ng mga tinatanggap na dokumento. Para sa karagdagang impormasyon sa prosesong ito, sumangguni sa Brochure #3 ng Mga Impormasyon sa Proseso ng Referral sa Pangalawang Pagsusuri ng Lisensiya sa Pagmamaneho (Driver License Secondary Review Referral Process Fast Facts #3 Brochure (FFDL3)). http://www.dmv.ca.gov/portal/dmv/detail/pubs/brochures/fast_facts/ffdl03

Pangalan ng Bansa	Ibinigay sa / Noong o Pagkatapos ng
Macao	2009
Macedonia, FYR	2008
Madagascar	2007
Malaysia	2010
Malta	2008
Mexico	2008
Mongolia	2011
Montenegro	2008
Morocco	2009
Mozambique	2010
Myanmar	2010
Nepal	2010
Netherlands	2006
New Zealand	2009
Nicaragua	2010
Nigeria	2007
Norway	2005
Pakistani	06/2005
Palau	2008
Palestinian Territory, May Nakatira	2008
Panama	2010
Paraguay	2012
Peru	2010
Philippines	2010
Poland	2006
Portugal	2006
Qatar	2008
Republic of Korea	2008
Romania	2008
Russia	2010
Saint Helena	2012

Pangalan ng Bansa	Ibinigay sa / Noong o Pagkatapos ng
Saint Kitts at Nevis	2010
San Marino	2009
Sao Tome and Principe	2008
Senegal	2008
Serbia	2008
Sierra Leone	2010
Slovakia	2005
Slovenia	2006
Somalia	2007
South Africa	2009
South Sudan	2012
Spain	2006
Sri Lanka	1/2008
Sweden	2005
Switzerland	2006
Taiwan	12/29/2008
Tajikistan	2010
Thailand	2009
Tongan	07/2003
Turkey	2010
Turkmenistan	2008
Ukraine	2007
United Arab Emirates	2011
United Kingdom	2006
Uruguay	2009
Vanuatu	2010
Vatican City	2008
Virgin Islands (British)	2007
Zambia	2008

Tandaan:
Pakitandaan na maaaring magbago ang dokumento ito